

Ang Komisyon ng Enerhiya ng California Pagpapabuti ng Napanunumbalik na Enerhiya

Ang Komisyon ng Enerhiya ng California ay kasangkot sa maraming pagsisikap na itaguyod at suportahan ang pagpapaunlad sa napanunumbalik na enerhiya. Kabilang dito ang pagsuporta sa Renewables Portfolio Standard (RPS), na sinisiguro na ang mga manggagawa ng estado ay magbabahagi ng kanilang portfolio ng mga pinagkukunan ng kuryente sa mga mamimili, popondohan ang mga solar photovoltaic sa isang bago na pang-isahan at pangmarami-hang pamilya na tahanan, nagbabahagi ng mga gawad na plano para sa pamamahagi ng napanunumbalik na enerhiya at pangangalaga sa pagpapalano ng pamigay mga sa mga lokal na pamahalaan, na nagbibigay ng mga insentibo para sa pagpapaunlad ng mga mapagkukunan ng geothermal, pagtugon sa mga hadlang sa pagpapaunlad ng bioenergy, at pagsubaybay sa progreso ng estado tungo sa mga layunin nito para sa napanunumbalik na enerhiya.

Pagpapabilis ng Pagpapaunlad sa Napanunumbalik na Enerhiya

Ang Komisyon ng Enerhiya at ang California Public Utilities Commission (CPUC) ay magkasamang nangangasiwa sa programa ng RPS, na nag-aatas sa lahat ng mga utility na makuha ang 50 porsiyento ng mga benta sa tingian mula sa mga mapagkukunan ng napanunumbalik na enerhiya sa taong 2030. Ang Komisyon ng Enerhiya ang may pananagutan sa pagsertipiko ng mga mapagkukunan ng napanunumbalik na enerhiya bilang RPS-eligible, siguruhin ang pagiging karapat-dapat ng lahat ng napanunumbalik na

kuryente na inaangkin patungo sa RPS target, at tukuyin ang pagsunod ng higit sa 40 na mga kagamitang de kuryente na pag-aari ng publiko sa California. Tinukoy at ipinapatupad ng CPUC ang pagsunod sa RPS para sa mga kagamitan na pagmamay-ari ng mga mamumuhunan gamit ang natukoy na data ng henerasyon na ibinigay ng Komisyon ng Enerhiya at inaprubahang kagamitan para sa pagkuha ng plano at kontrata mga napanunumbalik na mapagkukunana at sa pagiging karapat-dapat ng RPS.

Bilang bahagi ng programang RPS, ang Komisyon ng Enerhiya ay malapit na nakilahok sa Western Renewable Energy Generation Information System (WREGIS), isang elektronikong paraan ng pagrehistro at pagsubaybay ng napanunumbalik na enerhiya para sa 14 na kanluraning estado, dalawang lalawigan ng Canada, at ang Baja California, Mexico. Ang data at mga ulat ng WREGIS ay mahalaga upang matiyak na ang napanunumbalik na kuryente na inaangkin para sa RPS ng California ay hindi dobleng-ibinilang sa California o sa kahit anong estado.

Pagbibigay ng kaalaman sa mga Mamimili

Ang Komisyon ng Enerhiya ay may pananagutan din sa pagpapatupad ng Programa sa Pagpapahayag ng Pinagkukunan ng Kuryente ng California na nauna pa sa RPS. Itinatag noong 1997, ang programa ay nangangailangan ng mga kagamitang de kuryente upang magbigay ng simple at tamang impormasyon sa mga customer tungkol sa kung saan nagmula ang kanilang kuryente. Ang mga kagamitang de-kuryenteng ay dapat na magsumite ng data sa Komisyon ng

Enerhiya para sa kanilang halo ng panggatong at pagbibigay ng isang “power content label” (ang porsyento ng kuryente na nagmumula sa mga karapat dapat na mapagkukunan). Ang lahat ng mga power content labels ay makukuha sa website ng Komisyon ng Enerhiya para sa mga customer na nais maghambing ang power mix ng kagamitan de kuryente.

Paghihikayat ng mga Solar Photovoltaics sa mga bagong Tirahan

Noong 2006, itinatag ang layunin ng Lehislatura na hikayatin ang mga taga-California na magpakabit ng 20,000 megawatts na solar energy system sa mga tahanan at negosyo sa katapusan ng taong 2020, nagawang isang araw-araw na katotohanan ang napanunumbalik na enerhiya. Ang pagpapatibay ng batas ay may tatlong bahagi: ang New Solar Homes Partnership Program ng Komisyon ng enerhiya, ang CPUC’s California Solar Initiative Program, at solar incentive programs ng mga kagamitang pampubliko na pag-aari ng estado.

Ang Bagong Solar Homes Partnership ay nakatutok sa bagong tirahan na konstruksiyon. Ang programa ng CPUC ay nakatuon sa kasalukuyang tirahan at umiiral o bagong komersyal, pang-agrikultura, gobyerno, at di-pangtubong gusali, pati na rin ang mga solar thermal water heating, mga programang mababa ang kita, at pananaliksik at pag-unlad. Ang mga kagamitang pag-aari ng publiko ay nagbibigay ng iba’t ibang mga programa ng diskwento para sa mga solar installation sa mga residential at komersyal na sektor.

Sa ilalim ng New Solar Homes Partnership, ang Komisyon ng Enerhiya ay nagbibigay ng pinansiyal na insentibo sa mga tagapagtayo upang isama ang solar bilang isang opsyon sa mga bagong development ng bahay. Nag-aambag ito sa mga layunin ng California upang mabawasan ang emisyon ng greenhouse gas, maitaguyod pag-unlad ng napanunumbalik na enerhiya, masuportahan ang zero-net-energy na mga gusali, at gawing karaniwang tampok ang solar sa mga bagong tahanan.

Kabilang sa bahagi ng pananagutan ng Komisyon ng Enerhiya ang pagbuo ng pamantayan ng pagiging karapat-dapat para sa lahat ng mga programang insentibo na pinopondohan ng tagapagbayad ng singil ng California. Ang Komisyon ng Enerhiya ay naglathala at nag-update ng mga alituntunin ng programa na nagpapaliwanag ng mga pamantayan nito, kasama ang malawak na listahan ng mga kagamitan na nakakatugon sa pamantayan ng pagiging karapat-dapat para sa solar na insentibo na programa ng estado.

Pagyamanin ang Pag-unlad ng Geothermal Resources

Noong 1980, itinatag ng Komisyon ng Enerhiya ang isang programa upang pondohan ang pananaliksik at pagpapaunlad na proyekto ng lokal na nasasakupan, na kinaunan ay pinalawak na upang maisama ang mga pribadong entidad, para sa paghahanap ng mapagkukunan at pagtatasa, mga proyekto ng pagpapakilala, lokal na pagpapalano at pagsona na may kaugnayan sa geothermal energy, at pagtukoy ng mga paraan upang mabawasan ang masamang epekto ng pag-unlad ng geothermal.

Ang mga proyektong pinopondohan sa pamamagitan ng programa ay kinabibilangan ng espasyo at pagpainit ng tubig sa mga paaralan at mga ospital, ang pag-recharge ng mga geothermal well na may wastewater upang madagdagan ang produksyon ng singaw, at mga proyekto upang matukoy ang mapagkukunan ng geothermal para sa produksyon ng kuryente.

Pagplano para sa Napanunumbalik ng Enerhiya

Ang Komisyon ng Enerhiya ay nagbibigay ng mga gawad sa mga kwalipikadong lalawigan upang bumuo ng mga panuntunan at patakaran upang matulungan na magplano at pahintulutan ang mga proyekto ng napanunumbalik na enerhiya na nagtataguyod sa layunin tungkol sa patakaran sa enerhiya at kapaligiran ng California. Sinusuportahan din ng mga gawad na ito ang mga pagsisikap ng estado sa ilalim ng Desert Renewable Energy Conservation Plan upang bumuo ng mga patnubay na makakatulong upang matukoy ang mga lugar na angkop para sa pagpapaunlad at paghahatid ng napanunumbalik na enerhiya, habang ang binubuo ang pangmatagalang pangangalaga ng likas na yaman na mapagkukunan na nagpoprotekta sa mga delikadong desert ecosystem.

Pagbibigay pansin sa mga Hadlang sa Pag-unlad ng Bioenergy

Ang mga ahensya ng estado ay nakikipagtulungan upang tukuyin ang mga hamon at pagkakataon para sa pagtataguyod ng mas malawak na paggamit ng bioenergy sa Bioenergy Action Plan ng California. Ang Komisyon ng Enerhiya ay nagbibigay ng makabuluhang suportang teknikal at administratibo para sa gawaing ito.

Pagtunton ng Pag-unlad ng Napanunumbalik na Enerhiya

Ang Komisyon ng Enerhiya ay nagbibigay ng quarterly updates sa pag-unlad ng California upang matugunan ang layunin nito para sa malinis na enerhiya, kabilang ang para sa napanunumbalik na enerhiya. Isang Tracking Progress web page ang nag-uulat sa istatistika kung gaano ang nalilikhang napanunumbalik na kuryente sa California sa bawat taon, ang bilang at uri ng mga renewable power plant sa estado, ang kalagayan ng pag-unlad ng malalaking mga pasilidad ng napanunumbalik na enerhiya sa ilalim ng nasasakupan ng paglilisensya ng Komisyon ng Enerhiya, at pag-unlad tungo sa pagtugon sa layunin ng RPS, pati na rin ang layunin ng estado sa pagdaragdag ng 12,000 megawatts ng renewable distributed generation.

Edmund G. Brown Jr.
Governor

Robert B. Weisenmiller, Ph.D
Chair

Drew Bohan
Executive Director

Commissioners
Karen Douglas, J.D.
David Hochschild
J. Andrew McAllister, Ph.D.
Janea A. Scott, J.D.



CALIFORNIA
ENERGY COMMISSION

energy.ca.gov | facebook.com/CAEnergy | twitter.com/calenergy